

## Mga Protocols para sa mga Personal Care Establishment: Appendix V

### Mga Pagbabago:

- 10/23/20 Binago para mapayagan ang panloob na operasyon ng mga personal care services. Mga panlabas na serbisyo ay matinding hinihikayat. Mga serbisyo ay maaari lamang ihatid sa labas ayon sa mga bagas ng California Board of Barbering and Cosmetology at iba pang mga batas ng local zoning. Binago ang mga tagubiling ng pagsuot ng face shields. Ang mga kostomers ay bawal maghintay sa loob. (Mga pagbabago ay may highlight na dilaw)

Ang mga tagubilin sa ibaba ay natatangi sa mga personal care services na kinakailangan ang paghawak ng mukha o katawan ng kliyente maliban sa mga nail salons. Karagdagan sa mga kondisyon na ipinataw ng State Public Health officer, mga negosyo at mga nagsasagawa ay dapat din sumunod sa lahat ng mga angkop na batas kasama na ang mga kondisyon sa Protocol na ito.

Para sa mga dahilan ng Protocol na ito, ang mga serbisyo ng personal care ay ang mga tanning salon, esthetician, skin care at mga serbisyo ng cosmetology; electrology; body art professionals, tattoo parlor, microblading at mga permanententeng makeup; piercing shops; at mga masahihan (sa hindi lugar ng healthcare). Itong mga negosyong ito ay hindi maaaring magbukas hanggang Hunyo 26, 2020.

Mga panloob na operasyon ay papayagan ng muli magsimula na may physical distancing na 6 na talampakan o mahigit sa pagitan ng mga indibidwal, Malian na lamang kung ang mga serbisyo ay isinasagawa. Mga kostomer ay hindi pinapayagang maghintay sa loob ng pasilidad. Mga operasyong panlabas ay matinding hininikayat sa abot ng kakayahan gawin.

Mga trabahador na palaging kailangan na malapit sa anim na talampakan sa kostomer o ka-trabaho ay kailangan magsuot ng pangalawang pangharang (tulad ng face shield or goggles) karagdagan pa sa pantakip sa mukha. Lahat ng mga empleyado ay dapat bawasan ang tagal ng kanilang pakikipag halubilo sa kostomer sa loob ng anim na talampakan.

Anumang mga serbisyo ng barbero o cosmetology na gagawin sa labas ay kailangan aprobahan ng licensing agency, ang California Board of Barbering and Cosmetology at dapat mag-operate ayon sa anumang mga patnubay na nilabas ng California Department of Consumer Affairs, pati na rin ang Guidance on Performing Personal Care Services Outdoors. Anumang mga personal care services na gagawin sa labas ay dapat sumunod sa mga tagubilin ng local permitting agency at ng local, county at/o mga regulasyon ng estado o mga batas, kasama din lahat ng mga na-aangkop na mga patnubay at direktibo ng California Department of Public Health, mga tagubilin ng paggamit ng lokal na lupa at mga tagubilin ng pag-bigay ng permit, mga tagubilin ng accessibility na pang estado at pederal, at Cal/OSHA heat illness prevention standard. Mga serbisyo ng electrology, tattooing, microblading, permanent make up at piercing ay di maaaring gawin sa labas dahil sila ay mga prosesong invasive na kinakailangan ng isang lugar na kontrolado ang kalinisan para ito'y maisagawa ng ligtas.

Bawal din ang mga serbisyang mobile, o pambahay na personal care services.

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA:(562)570-2633  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

Mga hair salons at barbershop ay dapat sumunod sa Hair Salon at Barbershop Protocols: Appendix I. Mga nail salons ay dapat sumunod sa mga Protocols ng Nail Salon: Appendix U.

Paki tala: Itong dokumentong ito ay maaring baguhin sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon at mga resources kaya tiyakin na subaybayan ang Long Beach Covid-19 website sa [www.longbeach.gov/covid19](http://www.longbeach.gov/covid19) ng madalas para sa mga pagbabago sa dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

- (1) Patakaran at mga pagsasagawa para maprotektahan ang kalusugan ng mga empleyado
- (2) Mga hakbang para masegurado ang physical distancing
- (3) Mga hakbang para masegurado ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para masegurado ang pantay-pantay na akses sa mga serbisyong kritikal

Ito ang limang importanteng bahagi na kailangan matugunonan sa paggawa ng mga protocol ng inyong pasilidad.

**Mga negosyo ay dapat mag-implementa ng lahat ng angkop ng mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagpaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi na implementa ay hindi naaangkop**

Pangalan ng Negosyo: \_\_\_\_\_

Direskyon ng Pasilidad: \_\_\_\_\_

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA:(562)570-2633  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

**A. MGA PATAKARAN AT MGA PAGSASAGAWA SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG MGA EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK LAHAT NG ANGKOP):**

- Lahat ng maaaring gawin ang kanilang trabaho mula sa bahay ay nautusan na gawin ito. Hindi ito naangkop sa mga serbisyo na ayon batas na kailangan gawin sa lokasyon na may permiso.
- Mga bulnerableng mga tauhan (yung mga may idad lampas 65 at may mga pabalikbalik na kondisyong pangkalusugan) ay inatasan na maaaring gawin ang trabaho sa bahay kung kailanman posible, at kailangan pag-usapan ang kanilang mga agam-agam sa kanilang health care provide or occupational health services para makagawa ng angkop desisyon sa pagbabalik sa trabaho.
- Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado ang nag positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na na-isalugar na mag-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat bigyan ng konsiderasyon ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akses o ma-test para sa COVID-19 nang ma-determina kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at maaaring mangailangan ng karagdagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19.
- Kung sakaling 3 o mahigit ang nag-positive sa COVID-19 sa loob nga 14 araw, dapat ireport ito ng operator sa Long Beach Department Health and Human Services 562-570-INFO.
- Mga salinsininan o mga hindi sabay sabay na iskedyul ang isinagawa ng mapakinabangan ang physical distancing.
- Mga trabahador ay binigyan ng impormasyon sa mga inisponsor na benepisyo ng leave nang employer o nang gobyerno, na makapagpapadali sa kanila na kumita habang silay ay nasa bahay. Binigyan ng impormasyon ang mga empleyado tungkol sa mga government-sponsored na mga benepisyo ng leave na may karapatang tanggapin ng mga empleyado nang maging mas madali para sa kanila na kumite habang nasa bahay. Tignan ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa ng gobyerno sa ilalim ng the Families First Coronavirus Response Act at karapatan ng empleyado sa workers compensation benefits at pagsimula muli sa trabaho kaugnay sa COVID-19 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.
- Sinabihan ang mga trabahador na magpagamot kung ang mga sintomas ay lumala tulad ng hindi nawawalang pananakit or pagbigat ng dibdib, pagkalito, o ang bibig or mukha ay nangangasul.
- Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok sa lugar ng trabahuhan. Dapat kasama sa pag-check ang pagtanong kung may ubo, maikling paghinga, hirap huminga at lagnat o chills o lagnat at iba pang sintomas na nararanasan ng trabahador, at kung ang empleyado ay may nalapitan na kilalang may COVID-19 sa mga huling 14 na araw. Itong mga pag-check na ito ay maaring gawin sa bahay o bago dumating sa trabaho. Pag-check ng temperature ay maari din gawin sa lugar ng trabaho, kung ito maaaring gawin.
- Mga empleyadong may kontak sa iba ay bibigyan ng libre at angkop na pantakip para matakpan ang ilong at bibig. Ang takip ay dapat isuot ng empleyado sa lahat ng oras ng trabaho kung may kasamang malapit o lalapit sa iba. Mga empleyado na inutosan ng mga medical provider na di sila dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulo, para sa pagsunod sa mga direktibo ng Estado, habang kaya ng kanilang kondisyon. Mga mask na may one-way valve ay di dapat gamitin. Di kailangan ng mask kung ang empleyado ay mag-isa sa opisina o cubicle na may harang na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- Bibigyan ang mga face shields at isuot ng mga trabahador kapag sinserbisyoan ang mga kostmer na nangangailangan ang pagtanggap ng takip ng mukha ng kostomer para makapagbigay ng serbisyonang personal. Ang face shield ay dapat suot kasama ng takip sa mukha. Ang telang pantakip sa mukha ay

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA:(562)570-2633  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

pinoprotektahan ang nagsusuot sa mga patak; ang face shield ay tumutulong sa nagsusuot mula sa patak galing sa iba. Mga trabahador na palaging malapit sa anim na talampakan sa mga kostumer o ka-trabaho ay dapat magsuot ng pangalawang harang (tulad ng face shield o goggles) kasama pa ang pantakip sa mukha. Lahat ng empleyado ay dapat bawasan ang tagal ng pakikipag halubilo sa kostumer sa loob ng anim na talampakan.

- Linisin at idisinfect ang mga face shields ayon direksyon ng manufacturer.
- Hugasan o isanitze ang mga kamay pagkatapos gamitin o ayusin ang mga takip a mukha.
- Iwasan ng mga trabahador ang paghipo ng mata, ilong at bibig.
- Mga trabahador ay may utos na hugas ang takip sa mukha araw-araw.
- Mga independent contractor at temporary na trabahador ay na-train sa mga protocol na ito at mayroong mga takip sa mukha at personal protective equipment. Pag-usapan din ng mga negosyo ang protocol na ito sa mga organisasyon na nag-susupply ng mga independent contractor/o temporary na trabahador, sa kanilang pagbalik sa trabaho.
- Mga workstation ay magkakahiwalay na anim na talampakan na layo.
- Pwedeng bigyan ng madalas na break ang mga trabahador para maghugas ng kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo.
- Breakroom, restroom at iba pang karawaniwang lugar ay madals dinidisinfect sa sumusunod na iskedyul:
  - Break rooms \_\_\_\_\_
  - Restrooms \_\_\_\_\_
  - Iba pa \_\_\_\_\_
- Hindi sabay sabay ang break nang masagawa ng mga empleyado ang physical distancing sa lahat ng oras.
- Ang establisimiyento ay sumusunod sa mga batayan ng Cal/OSHA para prebensyon ng heat illness para sa mga trabahador sa labas, kasama na ang plano ng prebensyon para sa heat illness na may mga nakasulat na mga hakbang. Basahin ang Cal/OSHA heat illness prevention page para sa mga resources, kasama na ang mga FAQ's, isang webinar at mga halimbawa ng isang plano. Mga nilalaman ng heat prevention plan ay ang mga sumusunod:
  - Pagkuha ng tubig
  - Pagpunta sa lilim
  - Break para magpalamig
  - Mga hakbang ng emerhensiya gawa ng kaso ng heat illness
  - Pag-monitor ng mga empleyado na naninibago sa heat wave
  - Training sa prebensyon ng heat illness at sintomas
- Hikayatin ang mga empleyado na nagtrabaho sa labas na gumamit ng sunblock at mag-alok ng break para mahikayat ang madalas na paglagay ng sunblock habang nagtrabaho.
- Tignan kung makakagawa ng iskedyul na maiiwasan magtrabaho ng empleyado sa pinakamaiinit na parte ng araw o gumawa ng iskedyul na mayroong madalas na breaks para nang di masyadong mainitan ang mga empleyado.
- Ang pagtrabaho sa labas ay naglilikha ng marami pang panganib tulad ng:
  - Ang rewiring at paggamit ng extension cords ay pwedeng magdulot ng mga panganib, tulad ng sunog at makoryente. Segraduhin na ang mga operasyon sa labas ay sumusunod sa Cal/OSHA na mga codes at requirement. Basahin ang [Cal/OSHA's Guide to Electrical Safety](#) para sa karagadagang impormasyon.

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG**  
**TUMAWAG SA:(562)570-2633**  
**EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Seguraduhing walang mapapatid sa mga kordon at gamit nan aka harang sa lugar ng trabaho.
- Hikayatin ang paggamit ng sunblock ng mga empleyado at bigyan ng break para makapag-lagay ng sunblock.
- Itigil ang operasyon, lumayo sa mga electrical wiring at equipment at pumasok sa loob kapag may kidlat sa inyong lugar na may layong 6 miles (tignan ang [FEMA "30/30 rule"](#)).
- Bawal ang pagsasalo ng pagkain at inumin. Bawal ang mga trabahador na kumain o uminom sa loob ng trabaho maliban sa mga takdang break room or kainan labas nang masegurado ang madalas at wastong pagsuot ng maskara.
- Paggamit ng trabahador ng mga protective equipment sa paggamit ng mga panlinis at disinfectant ayon sa manufacturer.
- Mga disinfectant at mga katulad a sa supply ay matatagpuan sa mga sumusunod na lokasyon:

---

 Hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 para sa mga trabahador ay na sa sumusunod na lokasyon:

---

 Bawat trabahador ay binigyan ng kaniyang sariling tools, equipment at kaniyang trabahuhan. Bawasan ang iwasan na ang paghiraman ng mga kagamitan.
- Ang protocol na ito at iba pang mga materyal na dinownload sa City of Long Beach Coronavirus website ay bininigay sa salita ng mga trabahador.
- Mga trabahador mga inatasan at sinoportahan bilang mga taga-turo sa kanilang mga kasamahan sa pagpapatupad ng physical distancing at kontrol ng impeksyon.
- Lahat ng mga patakaran na nasa checklist na ito maliban sa mga nasa terms of employment ay ipinataw sa mga staff ng delivery at iba pang kompanya na maaring pumasok sa establisimyeto bilang mga taga-labas na kompanya.
- Ang kopy ng protocol na ito ay na ipamigay na sa bawat trabahador.
- Opsyonal - Isalarawan ang iba pang mga hakbang:

## **B. MGA HAKABANG PARA SA SEGURADONG PHYSICAL DISTANCING**

- May mga hakbang na pinatupad para masegurado ang physical distancing na 6 talampakan sa pagitan ng mga empleyado at kostomer, maliban na lamang habang nagbibigay ng serbisyo na kailagan gawin ng malapitan. Kasama sa mga hakbang na ito ang paggamit ng mga harang or palatandaan (e.g. marka sa sahig, colored tape, mga senyas na nagtutukoy kung saan tatayo ang empleyado at kostomer)
- Magtayo ng reception sa labas kung saan magkakapag-check in ang mga kostomer habang sumusunod sa mga patnubay ng physical distancing.
- May mga harang tulad ng plexiglass sa mga resepsyon at iba pang lugar na mahirap gawin ang physical distancing nang maiwasan ang malapitang harapan ng kostomer at empleyado. Kung mayroong operasyon sa labas, magtayo ng panlabas na resepsyon kung saan makakapag-checkin ang kostomer habang sinusunod ang patnubay ng physical distancing.
- Hindi sabay sabay ang mga appointment ng mabawasan ang siksikan sa resepsyon at ng mabigyan ng sapat na oras sa paglilinis sa bawat dating ng kostomer. Walang walk-in na appointment na ibibigay.
- Gagamitin ang birtwal na paraan ng pag-check in kung posible para ipaalam ang pagdating ng kostomer. Maghihintay sa labas ang mga kostomer o sa kanilang sasakyan imbes na maghintay sa

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA:(562)570-2633  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

resepsyon. Binago ang ayos ng resepsyon para sa maayos na physical distancing, kasama ang pagtanggap o paglalayo ng mga muebles. Panatiliin ang anim na talampakan na physical distancing habang naghihintay sa labas.

- Mga trabahador ay di maaring mag serbisyo ng sabay-sabay. Kompletihin muna ang serbisyo sa nag-iisang kostomer bago magsimula sa susunod na kostomer.
- Mga trabahador ay nasabihan na iwasan ang kamayan, yakapan at iba pang mga pagbati na salungat sa physical distancing.
- Hinihikayat din na huwag magkumpol kumpolan sa mga mataong lugar, tulad ng banyo, pasilyo, at mga credit card terminals.
- Ang dami sa mga restroom, break room at iba pang karaniwang lugar ay limitado para may physical distancing. Ayusin ang lugar (pagtanggap ng mesa) para sa physical distancing.
- Pag-aralan at baguhin ang daloy ng trabaho para sa physical distancing kapag may pickup at delivery. Nag-lagay ng mga shelves, bins, bulletin board at iba pang mga lagayan para maging kuhaan ng mga materyal para maiwsan ang hawakan ng mga pinamiling bagay.
- Gagawin ang mga meeting sa mga silid na maaaring makapag-physical distancing o gawin sa telepono o webinar.

### C. MGA HAKBANG SA KONTROL NG IMPEKSYON

- Mga serbisyo ay maaaring ihatid sa loob. Sa abot ng kakayahan, mga serbisyong panlabas ng salón at matinding hinihikayat.** Mga serbisyo ay maaari lamang gawin (1) sa labas ng isang establisimiyento na may lugar sa labas na salungat o katabi ng isang lisensyadong establisimiyento; (2) at madaling daanan ng may lisensya; at (3) sarado at sa ilalim ng pamamahala ng lisensyado. Mga panlabas na operasyon ay gagawin sa ilalim ng tolda, o iba pang mga sun shelter pero dapat ang tagiliran ay bukas nang dumaloy ang hangin. Mga serbisyong hindi ligtas gawin sa labas o mangangailangan na bahagi ng serbisyo ay gawin sa loob ay bawal muna hangga't walang pasabi na ito ay papayagan muli na ipagpatuloy sa loob.
  - Pinapayagan ang mga empleyado na pumasok sa loob ng salon para kumuha ng mga gamit, maglinis at gumamit ng restroom, mag-break o gumawa ng mga importanteng gawain. Ang mga kostomer ay maari lamang pumasko para maka-akseso sa panlabas na parte ng salon para sa serbisyo.
- Sistema ng HVAC ay na sa mabuting kondisyon; at nasa pinakamalakas na kakayahan, lakasan ang bentilasyon sa mga karaniwang lugar at lugar ng bisita.
  - Bigyan ng konsiderasyon ang paglagay ng mga portable at mahusay na mga air cleaners, pabutihin ang mga air filters ng gusali at gumawa ng mga modipikasyon ng madagdagan ang hangin galing sa labas at bentilasyon sa lahat ng mga opisina, guest rooms at iba mga espasyo.
- Para sa pasilidad o guest room na hindi nag-ooperayt, padaloyin ang mainit at malamig na tubig mula sa gripo ng limang minuto bago buksan muli para mapalitan ang lumang tubig na nasa tubo ng sariwa at ligtas na tubig.
- Kokontakin ang mga kliyente bago sila dumating para makompirma ang appointment at ng masabihan ng mga sumusunod:
  - Magdala at magsuot ng pantakip sa mukha (yung may pangsabit sa tenga).
  - Huwag magsama ng ibang tao sa appointment.
  - Kung sila o ang kasamahan sa bahay ay may sintomas ng COVID-19 sila ay dapat magpaliban ng appointment.

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG**  
**TUMAWAG SA:(562)570-2633**  
**EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**



- ❑ Magkaroon ng talaan ng mga kliyente (pangalan, petsa ng pagbisita, direksyon, telepono at email) kung maaari, gawin ito kapag nagpaparehistro.
- ❑ Ang shade sa labas o trabahuhan sa labas ay dapat may parehong bentilasyon at daloy ng hangin sa labas. Ang mga lugar sa labas na may shade ay pwedeng ayusin para maharang ang hangin pero di maaaringisara o isara ng bahagya sa mahigit sa isang parte na makakapagpigil ng daloy ng hangin.
- ❑ Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok ang mga tao sa pasilidad. Kasama dito ang pag-check ng ubo, maikling pag-hinga, nahihirapang huminga, lagnat o chills. Ito ay maaaring gawin ng harapan o sa ibang paraan tulad ng on-line check in o sa mga nakapaskil na karatula sa pasukan na nagsasabi sa bisita na kapag mayroong ganitong mga sintomas ay dapat di pumasok sa loob. Kung ang kostomer ay may mga sintomas, nagkasakit o may nalapitan na may sakit, ipagpaliban ang appointment nang di kukulang sa 14 days sa hinaharap.
  - Dapat may mask ang screener at kostomer pag may screening.
- ❑ Pagsuot ng disposable na gwantes sa mga serbisyong kailanga nito. Pagsuot ng gwantes ay kasama sa regular na paghugas ng kamay at hindi papalit sa regular na paghugas ng kamay.
- ❑ Mga amenites, tulad, magazine, libro, kape, tubig, mga self-service station at iba pang mga bagay para sa mga kostomer ay tinanggal sa mga resepsyon.
- ❑ May mga hand sanitizer, wipes, tissue at mga basurahan para sa mga kostomer sa resepsyon at workstations.
- ❑ Kailangan ang mga trabahador magsuot ng protective equipment, kasama na ang proteksyon sa mata at gwantes kung kailangan para sa serbisyo.
  - Kailangan magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras. Pag may serbisyo na di maaring magsuot ng takip sa mukha ang kliyente, kailangan ng face shield.
  - Mga disposable na gwantes para sa mga gawain at habang naglilinis at nagdidisinfect ng mga gamit at mga ibabaw pagkatapos ng isang sesyon.
- ❑ Kailangang magsuot ng maskara ang mga kliente sa lahat ng oras na sila ay nasa pasilidad, maliban kung ang takip ay kailangan alisin para sa mga serbisyong para sa parte ng mukha. Telang takip sa mukha ay dapat di dapat ipasuot sa mga batang bata pa sa 2 o sa taong hirap huminga, o sa taong di kayang alisin ang mask ng walang tulong.
- ❑ Mayroong malinis na pantakip sa mukha para sa mga trabahador ng kung ito ay madumihan, maaring palitan habang nagtrabaho. Kung posible, linisin ang takip sa mukha kapag aalokin ang mga kostomers kung ang kanila ay nadumihan.
- ❑ Mayroong plano ng paglinis at disinfection sa mga sumusunod:
  - Mataong lugar tulad ng resepsyon, mga daanan, hagdanan, hawakan.
  - Karaniwang lugar at madalas hawakang mga bagay (mesa, doorknobs, hawakan, switch ng ilaw, telepono) ay dapat idisinfect sa bawat oras gamit ang disinfectant na aprobado ng EPA.
  - Mga hawakan, hose, spray nozzles at iba pang equipment bago at pagkatapos gamitin sa kostomer.
  - Mga bayaran, credit card readers, panulat, at stylus pagkagamit.
- ❑ Mga aprobadong produktong hospital na grade Environmental Protection Agency (EPA) ang gagamitin sa paglinis at pagdisinfect kung saan man may kontakto ang kliyente, tulad ng mga treatment table, face cradles, stools. Sumunod sa mga rekomendasyon ng manufacturer.
- ❑ Naatasan ang mga empleyado magmasid ng mga karagandang sanitasyon at pagdisinfect kung kinakailangan.
- ❑ May sapat na oras para sa paglinis sa kanilang shift ang mga emplyado. May mga takdang paglinis sa lahat ng oras ng operasyon bilang kanilang mga gawain sa trabaho.

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA:(562)570-2633  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Mga matigas, makapal na silya o mga plastic basket para ilagay ng kliyente ang kanilang damit.
- Dinidisinfect lahat ng appliances, massage chairs at iba pang silya sa bawat gamit ng kostomer.
  - Mga clippers, cuticle trimmers ay nililinis sa mainit, nasabong tubig para tanggalin ang dumi, binabanlawan at pinapatuyong mabuti. Kasunod nito ang pagbabad ng matagal mga EPA- registered na disinfectant ayon sa sa direksyon ng manufacturer. Ito ay tanggalin pagkatapos, banlawan at patuyuin mabuti ng paper towel.
  - Mga ilaw na LED, initan ng twalya at mga esthetic devices ay linisin gamit ang spray wipe ayon sa direksyon ng manufacturer. Mag-ingat sa pag spray at seguradohing ang device ay tinanggal sa saksakan at huwag sprayan ang motor.
  - Para sa mga electronics tulad ng tablets, touch screens, keyboards, remote control at mga ATM, tanggalin ang mg dumi. Sundin ang mga instruksyon ng manufacturer para sa mga panlinis at disinfectant. Gumamit ng mga pantakip ng electronics na pwedeng punasan. Kung walang patnubay ng manufacturer, gumamit ng alcohol whipes na may 60% na alcohol para ma disinfect ang touch screens. Tuyuing mabuti ang mga ibabaw ng walang mamuong mga liquid.
- Mga treatment table ay dapat takpan ng treatment table na papel, malinis na twalya, ng malinis na papel pagkagamit.
- Mga linens ay inaalis (kahit hindi mukhang ginamit) at ang kama o mesa dinisinfect ng mabuti sa bawat kostomer.
- Nakagwantes ang mga trabahador sa pag-alis ng mga linens, tuwalya at ba pang mga pang sablot, kasama na ang mga kumot sa bawat treatment.
- Hind gagamitin ang mga maruming linens, tuwalya, smocks hangga't hindi ito nalabahan ng isang commercial laundering service na nakababad sa tubig na may 160 na grados na di kukulang sa 25 minuto. Huwag alogin ang mga labada.
- Itabi ang mga malinis na linen sa may takip na lagayan. Mga empleyadong humawahak ng maruming linens o labada ay dapat nakagwantes.
- Nililinis at dinidisinfect mahigit sa isang beses araw-araw ang buong pasilidad pati ang mga display.
- Vinavacuum ang mga sahig na madalas, imbes na pagwalis o iba pang paraan ng mapigilan ang pagkalat ng mikrobyo sa hangin.
- Lahat ng mga “test” product ay inalis at itinapon.
- Para mabawana ang mga paghawak, alisin ang mga display ng nailpolish. Gumamit ng mga color palette sa halip ng display ng nail polish, at itoy ay linisin at idisinfect pagkagamit ng bawat kliyente. Kung hindi tinanggal ang display, ang mga nail polish ay dapat linisin at idisinfect bago ibalik sa display.
- Mga restroom at hawakan ay sapat na stock ng sabon, paper towels at toilet paper at palagin nililinis gamit ang mga EPA approved na disinfectant.
- Walang mga di kailangang produkto sa restroom tulad ng mga kandila atbp.
- Mga hands-free na equipment ay inilagay para mabawasan ang panganib ng kontaminasyon.
- Hinihikayat ang bayaran ng hindi cash. Kung makatwiran kostomer mismo ang magswipe ng kanilang mga card at isanitize ang readers sa bawat paggamit. Kung walang electronic or card na bayaran, kostomers ay dapat magbayad ng eksaktong cash o cheke.
- Opsyonal - Isalarawan ang iba pang hakbang ng kontrol ng impkasyon:

---

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG**  
**TUMAWAG SA:(562)570-2633**  
**EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**



## **KARAGDAGANG KONSIDERASYON PARA SA ESTHETICIAN, SERBISYO NG SKINCARE AT COSMETOLOGY**

- Mga serbisyo ng electrology ay dapat ibigay sa panlabas na lugar dahil ito ay isang prosesong invasive na nangangailangang ng kontroladong hygienic environment para ligtas na magawa.
- Ang mga electrologist ay kinakailangan magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras at gumamit ng disposable nag wanted habang ginagawa ang treatment. Ang face shield ay dapat suot din kapag nagsasagawa ng serbisyo sa mukha o sa leeg na hindi mapapayagan ang pagsuot ng mask ng kliyente. Dapat may suot na mask ang mga kostomer kapag walang treatment sa mukha o leeg na isinasagawa.
- Tweezers, rollers at mga lagayan ng karayom ay nililinis ng mahusay sa pabawag gamit ng kliyente.
- Mga paggait ng mga disposable n probes na di kailangang ng probe tip o cap ay ginagamit kung posible. Kung hindi gagamit ng probe tips o caps, ang natatanggal na tip o cap ng epilator needle o probe holder ay nililinis at dinidisinfect sa bawat kliyente.
- Mga karayom na ginagamit para sa electrolysis ay isang gamitan lamang, disposable, pre-packaged at na-sterile at tinatapon sa angkop na lagayan agad pagkagamit. Mga lagayan ng sharp ay dapat itapon ayon sa regulasyon ng biomedical waste.
- Mga ultrasonic unit, forceps, lahat ng lalagyan, kasama na ang mga natatanggal na parte ay nililinis at dinidisinfect ayon sa instruksyon ng manufacturer.

## **KARAGDAGANG KONSIDERASYON SA MASAHIHAN (HINDI PANG HEALTHCARE)**

- Mga kliyente ay kailangan maghugas ng kamay bago pagsilbihan.
- Mga paggamit ng mga face cradle cover at/o pamprotekta ng mesa, table warmers, bolsters, at mga iba pang gamit na may punda na maaaring alisin at palitan sa bawat kliyente ang gagamitin.
- Para sa facial massage o iba pang mga serbisyo sa mukha, gwantes na di latex ay kailangan gamitin. Ang mukha ng kliyente ay dapat may takip sa buong serbisyo.
- Ang treatment ng mga kamay ay huling parte ng serbisyo.
- Kailangan maghugas ng kamay ang mga trabahador agad pagkatapos magmasahe.

## **KARAGDAGANG KONSIDERASYON PARA SA ELECTROLOGY SERVICES**

- Kailangan magsuot ng mga pantakip sa mukha ang mga electrologists sa lahat ng oras at gumamit ng mga disposable na gwantes sa buong treatment ng kliyente. Kailangan magsuot ng face shield kung magseserbisyo sa mukha o leeg na kinakailangan ng kliyenteng tanggalin ang pantakip sa mukha.
- Mga tweezers, rollers at mga heedle holder caps are madalas nililinis at inisterilize sa bawat kliyente.
- Paggamit ng mga disposable probes na di kailangan ng probe tip o cap ay gagamitin kung posible. Kung hindi gagamit ng mga disposable probes o caps, ang natatanggal na tip o cap ng epilator needle/probe holder ay lilinisin pagkatapos ng bawat kliyente.
- Mga karayom para sa electrolysis ay isang gamitan lamang, disposable at prepackaged, at sterile at dapat itapon sa aprobadong mga lalagyan pagkatapos gamitin. Mga lalagyan ay dapat itapon ayon sa biomedical waste regulation.
- Mga ultrasonic cleaning units, forceps, at iba pang lalagyan, kasama ang mga natatanggal na mga parte ay lilinisin sa bawat paggamit sa kliyente at ayon sa mga instruksyon ng mga manufacturer.

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA:(562)570-2633  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

## KARAGDAGANG KONSIDERASYON PARA SA BODY ART PROFESSIONALS, TATTOO PARLORS AT MGA PIERCING SHOPS NA MGA SERBISYO

- Mga disposable na gwantes ay suot habang nag-tatato o nagasagawa ng pag-pierce at habang naglilinis at ng didinsinfect ng ng lahat ng mga gamit at mga ibabaw pagkagamit ng bawat kostomer. Pagsuot ng gwantes ay gagawin kasama ng madalas ng paghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig at ito ay hindi papalit sa paghugas ng kamay.
- Dapat seguraduhin ng mga trabahador ang paghugas ng mga kamay nang mabuti gamit ang sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer bago isuot ang gloves.
- Mga serbisyo ng tato at piercing sa bibig ay ilong ay isususpende muna.
- Mga upuan ay ayusin na may pagitan na anim na talampakan sa pagitan ng mga kostomer. Dapat may mga harang o iba pang mga makapal na material pangharang kung saan angkop.
- Mga trabahador ay dapat magbigay ng serbisyo ng pag-tato isa isang kostomer lamang sa isang panahon.

## D. MGA HAKBANG PARA SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO.

- Ang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng pasukang pambuliko ng pasilidad.
- May karatula sa pagpasok na nagsasabi sa kostomer na sila ay susuriin para sa sintomas sa kanilang pagdating, paggamit ng hand sanitizer at pagsuot ng takip sa mukha.
- Mga nakapaskil na paalala sa ng physical distancing ng anim na talampakan, paghugas ng kamay o paggamit ng hand sanitizer sap ag pasok, manatili sa bahay kapag may sintomas na parang COVID-19, at ipaalam ang mga pagbabago sa serbisyo. Dapat makita sa lahat ng lugar ang mga karatula sa pasukan, gamit ang mga pictogram o sa paraan digital tulad ng e-mail.
- Mga karatulang na nagsasabi sa kostomer ang araw-araw ng paglinis at pagdisinfect.
- Mga outlet sa online ng mga establesimyento (website, social media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na ipormasyon hinggil sa oras, paggamit ng pantakip sa mukha, at mga patakaran para sa iba pang mga importanteng mga bagay.

## E. MGA HAKBANG NA NAGTITIYAK NG PANTAY-PANTAY NA AKSESO SA MGA SERBISYONG KRITIKAL

- Binigyan ng priyoridad ang mga serbisyong kritikal para sa mga kostomer/kliyente.
- Transaksyon o serbisyo na pwedeng ialok sa malayo ay nailipat na on-line.
- Mga hakbang nay itinatag para matiyak ang akses sa mga bagaybagay at serbisyo para sa mga kostomer na may limitasyon ang paggalaw at/o mga nasa mataas na panganib sa espasyong pampubliko.

Mga karagdagang hakbang na hindi kasama sa itaas ay isulat sa hiwalay na pahina, na ilalakup ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaaring kontakin ang sumusunod na tao sa anumang katanungan o komento sa protocol na ito:

Pangalang ng Kontak sa Negosyo: \_\_\_\_\_

Telepono: \_\_\_\_\_

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA:(562)570-2633  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

**Petsa ng huling pagbago:**

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG  
TUMAWAG SA:(562)570-2633  
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**